Australian Government
Services Australia

TAGALOG

# Impormasyon at tulong tungkol sa mga serbisyo sa aged care (pangangalaga ng matatanda)

Ang My Aged Care  ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon at tulong tungkol sa mga serbisyo sa aged care na pinopondohan ng gobyerno. Ang aming mga Aged Care Specialist Officer (ACSOs) ay makakatulong sa iyo na maunawaan kung anong suporta ang makukuha.

## Ano ang ginagawa ng isang ACSO

Matutulungan ka niya sa pamamagitan ng:

- pagbibigay ng impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng mga serbisyo sa aged care, mga gastos at kung paano magsimulang makakuha ng tulong
- pag-refer sa iyo sa isang organisasyong nagsasagawa ng assessment para sa isang aged care assessment
- pag-set up ng isang rehistradong tagasuporta upang tulungan kang makipag-ugnayan sa My Aged Care
- pagkonekta sa iyo sa mga lokal na serbisyo ng suporta.

## Paano ka makikipag-usap sa isang ACSO

Maaari kang makipag-usap sa isang ACSO  sa ilan sa aming mga service centre o sa pamamagitan ng video chat sa iyong computer o mobile device.

Maaari kang mag-book ng libreng appointment sa isang ACSO sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa **131 202**  upang makipag-usap sa amin sa iyong wika
- pagtatanong sa inyong lokal na service centre ng Services Australia.

Kung kailangan mo ng interpreter kapag tumawag o bumisita ka sa amin, mag-oorganisa kami ng isa nang libre.

## Para sa karagdagang impormasyon

Para alamin ang higit pa tungkol sa My Aged Care at mgaACSO, maaari kang:

- pumunta sa **myagedcare.gov.au**
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/myagedcarefacetoface**
- tumawag sa aged care line ng Services Australia sa **1800 227 475** sa pagitan ng Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm.

## Pagtatatuwa

Ang impormasyon sa publikasyong ito ay inilaan lamang bilang gabay sa mga kabayaran at serbisyo. Responsibilidad mo ang magpasya kung gusto mong mag-aplay para sa isang kabayaran at gumawa ng aplikasyon, ayon sa iyong mga partikular na sitwasyon.

Australian Government
Services Australia

ENGLISH

# Information and help about aged care services

My Aged Care gives you information and help about government-funded aged care services. Our Aged Care Specialist Officers (ACSOs) can help you understand what support is available.

## What does an ACSO do

They can help you by:

- giving information about different types of aged care services, costs and how to start getting help
- referring you to an assessment organisation for an aged care assessment
- setting up a registered supporter to help you deal with My Aged Care
- connecting you to local support services.

## How you can speak with an ACSO

You can speak with an ACSO at some of our service centres or through video chat on your computer or mobile device.

You can book a free appointment with an ACSO by:

- calling **131 202** to speak with us in your language
- asking at your local Services Australia service centre.

If you need an interpreter when you call or visit us, we will provide one for free.

## For more information

To find out more about My Aged Care and ACSOs, you can:

- go to **myagedcare.gov.au**
- go to **servicesaustralia.gov.au/myagedcarefacetoface**
- call Services Australia aged care line on **1800 227 475** between Monday to Friday 8 am to 5 pm.

## Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It’s your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.